
5

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 1: Pag-uugnay ng Sariling Karanasan sa Napakinggang Teksto




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

# *Alamin*

Ang pakikinig at masusing paggamit ng mahahalagang detalye mula sa tekstong napakinggan ay mahalaga. Sa modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang mga kasanayang ito:


a. natutukoy ang mahahalagang impormasyon mula sa napakinggang teksto;
b. naiuugnay ang sariling karanasan mula sa napakinggang teksto; at
c. nabibigyang-halaga ang pag-uugnay ng sariling karanasan sa napakinggang teksto.

# *Subukin*

Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba. Bumuo ng kaisipan habang pinagmamasdan mo ito.



https://www.facebook.com/photo.php?fbid=3157520620967297&set=pcb.3157520647633961&type=3&theater



https://www.facebook.com/photo.php?fbid=3157520297633996&set=pcb.3157520647633961&type=3&theater



https://www.facebook.com/photo.php?fbid=3157520534300639&set=pcb.3157520647633961&type=3&theater

# Aralin 1 Pag-uugnay ng Sariling Karanasan sa Napakinggang Teksto

Ang pag-uugnay ng sariling karanasan sa mga tekstong nababasa o napakikinggan ay mahalaga upang mabatid natin sa ating sarili ang ating mga natututuhan sa pang-araw-araw na pangyayari sa ating buhay. Isa itong paraan upang mapaunlad ang ating kaalaman.

## *Balikan*

Basahin at unawaing mabuti ang kaisipang nakapaloob sa seleksyon sa ibaba. Sagutin ang mga katanungan pagkatapos.

**Pagtitipid ng Pamilya**

Noong nasa Unang Baitang pa lamang ako, naranasan ko na ang pagtitipid na ginagawa ni Inay sa amin. Bagaman hindi naman kami naghihirap, nakita ko kung paano bumili si Inay ng mga mura ngunit masustansiyang pagkain. Sa kaunting kinikita ni Itay ay nakakakain kami ng tatlong beses. Nagtayo rin si Inay ng munting tindahan sa silong ng bahay namin. Tumutulong kami sa pagtitinda at gawaing-bahay hanggang ngayon.

Mga tanong:

1. Ano ang magandang ugali ni Inay?
2. Kailan naranasan ng nagsasalaysay ang pagtitipid ng kanyang ina?
3. Anong uri ng pagkain ang binibili ng ina?
4. Ilang beses silang kumakain sa buong araw?
5. Kung ikaw ang nasa kuwento, ano ang mararamdaman mo para sa iyong ina? Bakit?

## *Tuklasin*

Suriin ang mga sitwasyon sa ibaba. Ibigay ang iyong kaisipan at iugnay ito sa sarili mong karanasan.

1. Ayon sa *Department of Health (DOH*), ang bilang ng mga batang *malnourished* o may mahina at payat na pangangatawan ay patuloy na dumarami dala ng kahirapang nararanasan ng bansa.

2. Kumain ng masustansya. Kung puro karne ang iyong kinakain ay bawasan muna ito, sa halip, kumain ng mga gulay at prutas. Ito ay may *fiber* na makatutulong upang malinis ang iyong katawan. Ang pagkain ng *junk food* ay makadaragdag lamang ng timbang at lalong makapagpapataas ng *stress* sa katawan.

3. Ugaliing magpahinga at i-relaks ang katawan. Madalas ay napakaraming takdang-aralin at mga gawaing dapat na tapusin. Sa sandaling makatapos ng isang gawain ay ipahinga ang katawan upang manumbalik ang lakas ng katawan at isip. Maaaring maligo ng maligamgam na tubig. Maaari ring bumulong ng maikling panalangin at damhin ang kasiyahan at kapayapaang nararamdaman ng kalooban.

4. Si Nick ay ipinanganak nang walang braso at binti. Naging mahirap sa kanyang magulang at maging sa kanyang sarili na maunawaan at tanggapin ang nasabing kalagayan. Ngunit sa paglipas ng panahon ay maliwanag nilang nakita ang magandang dahilan o plano ng Diyos kung bakit nangyari ang ganito sa kanyang buhay.

5. Isang magsasaka si Mang Berto. Bawat araw ng kaniyang gawain ay isinasaisip niya ang kapakanan ng mga taong tumatangkilik ng kaniyang produktong gulay. Dahil sa palasak na paglalagay ng kemikal sa mga produkto ngayon, hindi siya gumagamit ng anomang pestisidyo. Sa halip, organikong pataba ang ginagamit niya gaya ng dumi ng kalabaw, mga nabubulok na balat ng saging, gulay, at iba pa, kaya lubos na kilala si Mang Berto Organiko.

## *Suriin*

Ang mahahalagang impormasyon na mababasa sa mga babasahin o mapakikinggan sa iba ay nakapagbibigay ng kaalaman sa atin. Ito ay nakadaragdag sa ating mga nalalaman at nagiging gabay upang mas mapabuti ang ating mga hangarin. Sa pakikinig sa iba, nalilinang ang ating kaalaman na nakatutulong upang mas maging makabuluhan ang ating pagkatuto.

Ang pag-uugnay ng ating sariling karanasan sa ating napakinggan ay makatutulong upang mas makilala natin ang ating sarili. Masasalamin sa iba ang ating mga gawain na nagbibigay-daan upang mapatunayan natin ang ating mabuting pagkatao.

## *Pagyamanin*

Basahin at unawaing Mabuti ang mga susunod na tanong. Piliin ang angkop na kaisipan sa mga sitwasyon sa bawat bilang. Isulat ang letra lamang.

1. Nakita mo ang isang batang naglalakad sa kalye at walang kasama. Ano ang iyong gagawin?
   a. Tatanungin ang pangalan ng bata at kung taga-saan siya.
   b. Hahayaan ang bata sa paglalakad.
   c. Isusumbong sa Kapitan ng barangay.
   d. Ihahatid sa kanyang mga magulang.

2. Nais mong makapasa sa pagsusulit. Ano ang gagawin mo?
   a. Hindi mag-aaral ng leksyon.
   b. Manonood nalang ng mga palabas.
   c. Mag–aaral palagi.
   d. Mangongopya sa katabi.

3. Nakita mong may nagtapon ng basura sa sahig ng inyong silid-aralan. Ano ang gagawin mo bilang mag-aaral?
   a. Isusumbong sa titser.
   b. Pagsasabihan na pulutin ang kanyang basura.
   c. Hindi ko siya pagsasabihan.
   d. Hahayaan ko na lamang siya.

4. Napansin mong umiiyak ang iyong kaklase dahil wala siyang baon. Ano ang gagawin mo?
   a. Bibigyan ko siya ng pagkain.
   b. Hahayaan ko siyang umiyak.
   c. Pagsasabihan ko siya na huwag mag-ingay.
   d. Bibigyan ko siya ng pera.

5. Sa mga nagdaang bagyo, naranasan mong masira ang inyong bahay. Kung nababalita sa radyo ngayong umaga na may darating na bagyo, ano ang iyong mabuting gawin?
   a. Maghahanda nang mabuti.
   b. Hayaan ang mga magulang na sila ang maghanda.
   c. Hindi tutulong sa mga magulang.
   d. Magdadasal upang hindi matuloy ang bagyo.

## *Isaisip*

Ang pag-uugnay ng ating sariling karanasan sa napakinggang teksto ay isang paraan ng pagkilala sa ating mga kakayahan. Nagiging repleksiyon ng ating sarili ang mga napakikinggang karanasan ng iba na nagiging dahilan upang lalong makilala ang ating sarili at ang ating kakayahan**.**

## *Isagawa*

Basahin at unawain ang kaisipang inilalahad ng tula sa ibaba. Sagutin ang mga tanong at iugnay ito sa iyong sariling karanasan.

**Ang Batang Hindi Nagsisinungaling**

Malayang salin ni RG Alcantara mula sa tulang Ingles na
*The Boy Who Never Told a Lie* ni Isaac Watts

Minsan may isang batang lalaki,
Kulot ang buhok at may mga matang masaya palagi,
Isang batang palaging nagsasabi ng totoo,
At hindi kailanman nagsisinungaling.
Kapag umalis na siya ng paaralan,
Magsasabi na ang lahat ng kabataan,
“Ayun pauwi na ang batang may kulot na buhok,
Ang batang hindi kailanman nagsisinungaling.”
Kaya nga ba mahal siya ng lahat
Dahil lagi siyang matapat.
Sa araw-araw, at habang lumalaki siya,
May lagi nang nagsasabi, “Ayun na ang matapat na bata.”
At kapag nagtanong ang mga tao sa paligid
Kung ano ang dahilan at kung bakit,
Palaging ganito ang sagot,
“Dahil hindi siya kailanman nagsinungaling.”

\- *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon 5*

Mga tanong:

1. Sino ang pangunahing tauhan sa binasang tula?
2. Ano ang angking ugali nito?
3. Paano mo ilalarawan ang batang lalaki sa tula?
4. Bakit siya minamahal ng mga tao?
5. Bilang isang mag-aaral, nararapat bang tularan ang angking ugali ng batang ito? Bakit?
6. Nasubukan mo na bang maging matapat? Sa paanong paraan? Iugnay ang sagot sa sariling karanasan.

## *Tayahin*

Basahing mabuti ang seleksyon sa ibaba. Iugnay ang kaisipan nito sa sariling karanasan sa pagsagot sa mga katanungan.

**Kasiyahan sa Pagtulong sa Kapuwa**

Ako si Abby at masaya ako ngayon. Maaga akong gumising kaninang umaga. Inayos ko na ang lahat ng gamit ko kagabi pa lamang. Tinawagan ko na rin ang mga kaibigan kong sina Charlie, Hannah, Danny, Jules at Miguel upang ipaalala sa kanila ang tungkol sa aming *outreach program*.

Ang guro naming si Gng. Veles ay nakipag-ugnayan sa isang *social worker* na si Ate Olive para sa dalawang *outreach program* namin. Isang *in-campus* at isang *off-campus*. Ang *in-campus* ay may partisipasyon ng mga doktor para magbigay ng libreng konsulta at gamot. May inihanda ring meryenda tulad ng lugaw, *crackers*, at *juice* para sa mga tao. Naghanda rin kami ng ilang mga gawain para sa mga batang kasama ang kanilang mga magulang habang nag-aantay. Marami kaming inihandang *coloring materials* upang habang kami ay nagkukuwento ay may ginagawa ang mga bata.

Masaya naming nagampanan ang aming mga responsibilidad. Nalaman at naramdaman namin ang kahalagahan at kabutihan ng pagtulong at bolunterismo.

Pinaghahandaan na namin ang pagpunta sa isang *SPED center* sa isang linggo. Sa *SPED center*, ang mga mag-aaral ay may iba't ibang abilidad na kadalasan ay may kabagalan o kahinaan kung ihahambing sa mga regular na mag-aaral sa ibang paaralan.

Ang ilan ngayon sa amin ay gumagawa ng mga programa para aliwin ang mga mag-aaral tulad ng mga laro at mga mini-lesson. May naghahanda na rin ng mga dadalhing pagkain para sa aming lahat.

Mga tanong:

1. Sino si Abby?
2. Ano ang nagpapasaya kay Abby?
3. Ano ang ginawang pagtulong ni Abby at ng kaniyang mga kaibigan?
4. Naranasan mo na rin bang tumulong? Ano ang iyong naramdaman?
5. Bakit dapat magkaroon tayo ng pananagutan kahit sa ibang tao?
6. Batay sa iyong sariling karanasan, sa paanong paraan ka makatulong sa iyong kapwa? Ipaliwanag.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

Maaaring magkakaiba ang sagot ng mga bata.

**Balikan**

1. Matipid
2. Noong nasa Unang Baitang pa lamang ang nagsasalaysay
3. Mga mura ngunit masustansiyang pagkain
4. Tatlong beses sa isang araw
5. Maaaring magkakaiba ang sagot ng mga bata.

**Tuklasin**

1-5. maaaring magkakaiba ang sagot ng mga bata.

**Pagyamanin**

1. D
2. C
3. B
4. A
5. A

**Isagawa**

1. Kulot ang buhok at may mga matang masaya palagi
2. Dahil palagi siyang nagsasabi ng totoo

3-5. maaaring magkakaiba ang sagot ng mga bata.

**Tayahin**

1. Ang makatulong sa kapwa
2. Nagkaroon ng outreach program

3-5. maaaring magkakaiba ang sagot ng mga bata